

1888 AT LAODICEA



NI ADRIAN EBENS



Adrian Ebens, May 2026

Karapatang-ari © 2026, Adrian

Ebens Maranathamedia.com

Iginiit ng may-akda ang kaniyang mga karapatang moral.

Lahat ng karapatan ay nakalaan. Walang anumang bahagi ng lathalaing ito ang maaaring kopyahin, paramihin, o ipamahagi para sa layuning pangkomersiyo, maging sa pamamagitan ng elektroniko, mekanikal, pag-photocopy, pagrerekord o anumang iba pang paraan, nang walang paunang nakasulat na pahintulot mula a tagapaglathala at sa mga may hawak ng karapatang-ari. Paalala, ang mga bahaging naka-bold sa mga talata ay sadyang binigyang-diin ng may akda upang bigyang pansin ang isang tiyak na puntong nakabatay sa mga tekstong iyon.

Maliban kung may ibang nakasaad, ang mga sipi ng Kasulatan ay mula sa *King James Version*. Karapatang-ari © 1996, 2004, 2015 ng Tyndale House Foundation. Ginamit nang may pahintulot.

Ang transkriptong ito at ang lahat ng iba pang mga lathalain ng Maranatha Media ay makukuha sa aming website *maranathamedia.com* Upang umorder ng karagdagang mga kopya, mangyaring magpadala ng email sa adrian@maranathamedia.com

Ang transkrip na ito ay

Iprinesenta ni Adrian Ebens

Isinalin sa anyong transkripto at Isinuri nina Adam Pearce at Lorelle Ebens

Disenyo sa Pabalat ni Adrian Ebens

Typeset 10.5/14 Palatino Linotype

Inilimbag sa Australia

TRANSKRIP MULA SA
PRESENTASYON NI ADRIAN EBENS
MAYO 6, 2026

1888 AT LAODICEA

Panimulang Pananalita (Pr. Adrian):

Mga pagpapala sa inyo, mahal naming pamilya. Ikinalulugod kong makasama ninyo kayo ngayon. Napakabuti at napakasayang makita kayong lahat.

Kaya, sa palagay ko, karamihan sa inyo ay matagal nang kasama sa paglalakbay na ito na ating tinatahak sa loob ng ilang taon na ngayon, habang patuloy nating pinag-aaralan ang kagandahan ng karakter ng ating Ama. Nakakita tayo ng napakaraming kahanga-hangang bagay. Lubos na napagpala ang ating mga puso, at maraming pagkakataon na tayo ay naantig hanggang sa pagluha dahil sa lawak ng pagmamahal ng ating Ama. Napakaganda ng katotohanang ang Diyos ay umiibig sa atin nang kasinglaki ng pagmamahal Niya sa Kanyang Anak. Makikita natin kung paano Niya isinapanganib ang Kanyang Anak, at kung paano ang mga panlilinlang ng doktrina ng pagpaparusa bilang kapalit ay nakaapekto sa ating pagkaunawa. Handa ang Diyos na pahintulutan ang Kanyang Anak na mamatay dahil tayo ay napaniwala ni Satanas na iyon ang kinakailangan.

Kung bago pa lamang sa inyo ang lahat ng mga bagay na ito, naitala na namin ang lahat ng ito sa maraming aklat at mga lathalain. Tulad ng sinabi ng isang tao sa akin kamakailan, “Napakarami palang mga aklat!” Sinisikap lamang naming pagsama-samahin ang lahat ng magkakaibang bahagi upang mabuo ang kabuuan, at maipakita ang pagkakaisa at pagkakatatugma ng Kasulatan. Sapagkat tayong lahat ay nakaranas na ng mga pagkakataong tila may hindi pagkakatatugma sa pagitan ng isang talata at ng isa pang talata. May mga bahagi na tila hindi umaayon sa isa’t isa. Ngunit unti-unti na nating nakikita ang isang napakaganda at malinaw na larawan na nabubuo.

Ngayong gabi, nais kong ibahagi sa inyo ang ilang mga kaisipan matapos kong basahin ang aklat na *1888 Re-examined*. Mayroon akong ilang mga pagninilay matapos kong muling pag-aralan ang aklat na ito. Nabasa ko na ang aklat na ito maraming taon na ang nakalipas, at paminsan-minsan ay binabalikan ko ito upang muling suriin. Ngunit habang pinag-aaralan ko ito sa pagkakataong ito, lubos akong naapektuhan nito sa paraang hindi ko naranasan noon. Marahil ito ay dahil sa mga bagay na natutuhan natin tungkol sa mensahe ng 1888 at sa mga bagay na higit pang nagpatibay sa ating pagkaunawa sa pamamagitan ni George Fifiield, na naging isa pang saksi sa pamamagitan ng kanyang aklat na *The Water of Life*. (Maraming salamat kay Patrick Irving sa paghahanap ng aklat na iyon) bukod dito, may iba pang mga bagay na patuloy na nagpapatibay sa landas na ating tinatahak.

Ngunit bago ako magpatuloy, para sa inyo na maaaring makaluhod, tayo ay lumuhod at makipag-usap sa ating Ama.

Panimulang Panalangin:

Mahal naming Ama na nasa langit, Napakabuti na maaari kaming lumapit sa Iyong harapan saanman kami naroroon sa mundo, maging ito man ay umaga, tanghali, o gabi. Kaming lahat ay lumalapit sa

Iyong trono bilang Iyong mga anak, na nalalaman na kami ay lubos Mong minamahal at kami ay Iyong mga minamahal na anak. Dalangin ko na ang sinumang nakikinig ngayon o makikinig sa mensaheng ito ay Iyong padalhan ng Iyong Espiritu. Yakapin Mo sila sa pamamagitan ng Iyong Espiritu at bigyan sila ng katiyakan na ang lahat ng kanilang mga kasalanan ay malayang pinatawad Mo. Tulungan Mo kaming maunawaan na ililigtas Mo kami mula sa aming mga kasalanan, bibigyan Mo kami ng tagumpay, at babaguhin Mo kami upang maging katulad ni Hesus sa aming karakter, sa pamamagitan ng katuwirang gumagawa sa aming puso, isip, at kaluluwa. Kaya, gabayan Mo kami habang ginugugol namin ang panahong ito na magkasama. Hinihiling namin ito sa pangalan ni Hesus. Amen.

Presentasyon:

Nais kong ibahagi sa inyo ang kaunting bahagi ng kasaysayan. Una kong nakilala ang mga isinulat ni Robert Wieland noong huling bahagi ng dekada 1980. Kaya halos 40 taon na ang nakalipas mula nang una akong maipakilala sa kanyang mga sulatin. Ang isang taong nagbigay sa akin ng malalim na pagpapahalaga sa mga sinasabi ni Robert Wieland ay isang mahal nating kaibigan na nagngangalang Joy Bowers. Siya at ang kanyang asawa ay mga guro sa paaralang Adventista. Paminsan-minsan ay pumupunta ako sa kanilang tahanan, at lalo na si Joy, bilang isang guro, ay nakita niya sa akin ang isang taong maaari niyang maitanim ang mahahalagang prinsipyo. Itinanim niya sa akin ang kaisipan tungkol kay Robert Wieland, tungkol sa mensahe ng 1888, at na may isang napakahalagang bagay na dapat pagtuunan ng pansin dito. Lubos akong nagpapasalamat na ako ay naakay sa ganitong direksiyon. Sa pagbabasa ng kanyang mga isinulat, gayundin ng mga isinulat nina Jones at Waggoner, marami akong natutuhan na magagandang bagay. Ngunit siyempre, dahil naimpluwensiyahan ako ng doktrina tungkol sa Trinidad, naimpluwensiyahan din ako ng maling pananaw tungkol sa mga

tipan. Naapektuhan din ako ng isang pagkaunawa tungkol sa katuwiran sa pamamagitan ng pananampalataya na hindi nakabatay sa mensahe ng 1888. Kaya habang binabasa ko ang mga materyal na ito, nagkaroon sila ng epekto sa akin, ngunit maraming bahagi ang hindi pa magkakaugnay at hindi pa nabubuo sa tamang lugar. Dahil dito, hindi ko lubos na maunawaan ang mga puntong ipinapaliwanag nila. Gayunman, may ilang mahahalagang bagay na unti-unting tumimo at naunawaan ko.

Naranasan ko ang aking pagbabagong-loob noong 1995, sa huling taon ko sa mataas na paaralan. Dumaan ako sa buong sistema ng edukasyong Adventista hanggang sa ika-12 baitang, at pagkatapos nito ay pumasok ako sa isang pampublikong unibersidad upang mag-aral ng kompyuter. Lumaki ako sa isang tahanang Adventista na masasabi kong hindi gaanong konserbatibo. Hindi ko tiyak kung ano ang tamang salitang gagamitin, ngunit masasabi kong hindi ito isang mahigpit na konserbatibong tahanang Adventista. Napakakaunti lamang ng mga aklat ng Espiritu ng Propesiya na mayroon kami. Gayunman, ang aking ama ay may napakalinaw na mga prinsipyo tungkol sa mga utos ng Diyos; ang pagtupad sa mga utos ng Diyos, pangingilin ng Sabbath, pagbabayad ng ikapu, pagdalo sa iglesia, at matapat na pagsasagawa ng mga bagay na ito. Ang mga prinsipyong ito ang itinanim sa aking puso at kaisipan mula pa sa aking pagkabata.

Ngunit pagkatapos ng aking karanasan sa pagbabagong-loob, lumipat ako sa mga iglesia na matibay na nakabatay sa Kasulatan, na masigasig sa pangangaral ng Bibliya, gayundin sa mga aklat ng Daniel at Pahayag, at sa mga pangunahing paniniwala ng pananampalatayang Adventista na itinuro ng mga naunang tagapagtatag nito. Dinala rin ako sa isa pang aklat noong huling bahagi ng dekada 1980 na pinamagatang *The Exodus in Type and Antitype* ni Taylor Bunch. Ang aklat na ito ay nagtanim ng isang mahalagang binhi sa aking puso, ang pagkaunawa na inuulit ng iglesyang Adventista ang kasaysayan ng Israel. Nang makarating ang

Israel sa hangganan ng Canaan, sila ay nabigo, kaya kinailangan nilang bumalik sa ilang at manatili roon.

Ang aklat na ito ni Taylor Bunch, na isinulat noong huling bahagi ng dekada 1920, ay naglahad ng pananaw na noong 1888, ang kilusang Adventista ay nakarating na sa hangganan ng Canaan ngunit tinanggihan ang nais ng Diyos para sa kanila, kaya sila ay bumalik sa ilang. Ang kaisipang ito ang naging pundasyon upang pag-aralan ko at tanggapin ang kahalagahan ng aklat na *1888 Re-examined*. Si Taylor Bunch ay isang ministro ng Adventista. Kung titingnan ninyo ang kanyang aklat, makikita na ito ay na-type lamang na manuskrito. Sa palagay ko, hindi ito kailanman nailimbag sa pamamagitan ng opisyal na mga palimbagan ng denominasyon sa kilusang Adventista. Tila marami sa mga mabubuting aklat na lubos kong pinahahalagahan ay hindi dumaan sa mga palimbagan ng denominasyon, kabilang na ang aklat na ito. Ang aklat na *Truth Triumphant* ni Benjamin Wilkinson ay unang nailimbag, ngunit kalaunan ay ipinabasag ni Leroy Froom ang mga plato ng paglilimbag nito, kaya kinailangan itong ilimbag sa labas ng denominasyon. Pagkalipas ng apatnapung taon, muling natagpuan ang aklat at muling lumitaw. Ito ay tila isang paulit-ulit na pangyayari na naganap nang maraming beses.

Ngayon, mayroon na tayong aklat na ito bilang isang audiobook sa Maranatha Media YouTube channel. Nais ko talagang hikayatin kayo na pag-aralan ninyo ang materyal na ito sa liwanag ng mga mensaheng ating pinag-aaralan; tungkol sa banal na panganib o divine risk, sa mga tipan, sa karakter ng Diyos, sa pagpaparusa bilang kapalit o penal substitution, kung ano ang tunay na katarungan, at marami pang iba. Maaari pa tayong maglista ng napakaraming mahahalagang bagay na may kaugnayan dito. Naniniwala ako na mahalagang balikan natin ngayon ang materyal na ito at muling suriin ito nang mas malalim.

Tinalakay ko ang ilan sa mga bagay na ito sa aking nakaraang aklat na

One Mediator, kung saan sinuri ko ang mga pagsubok na hinarap ni Ellen White noong 1888, at ang espiritung ipinakita ng mga taong sangkot sa pangyayaring iyon. Tinalakay ito nina Robert Wieland at Donald Short nang may malaking detalye sa aklat na ito, tungkol sa mga bagay na aktuwal na nangyari noong panahong iyon. Ito ay isang bagay na tunay na nakapagpapaisip at humaharap sa atin, lalo na ngayon na nakikita natin ang kagandahan ng mensaheng ito. Marami sa inyo ang nakakita na ng mga pahayag ni Waggoner na nagpapakita na tayo ang humiling ng sakripisyo, hindi ang Diyos. Tinalakay rin ni Fifield sa kanyang mga sermon noong 1897 ang Isaias 53 at kung ano talaga ang nangyari sa proseso ng pagtubos. Sa kanyang aklat na *God Is Love*, ipinaliwanag niya ang kahulugan ng pagbabayad-sala—hindi bilang pagbibigay-kasiyahan sa poot ng Diyos, kundi bilang pagpapahayag ng banal na pag-ibig na umaakay sa atin pabalik sa Ama.

Ang pagkakaunawa na ang mensaheng ito, matapos ang 1888, ay maaaring naipahayag na sa buong mundo noong panahong iyon kung nagpatuloy lamang sila sa pagsunod dito. Ngunit nagkaroon ng matibay at sinadyang pagtutol laban dito. Mahirap unawain kung bakit gagawin ito ng mga pinuno ng Seventh-day Adventist. Siyempre, nang una kong mabasa ang aklat na ito, ang likas na tugon

¹ Ang aklat ni Wilkinson ay nagkaroon ng ilang unang paglilimbag noong kalagitnaan ng dekada 1940, ngunit kalaunan ay itinigil ito at, ayon sa aking kaalaman, hindi na muling inilimbag ng denominasyon.

ng aking puso bilang tao ay sabihin, “Salamat, Diyos, na hindi ako katulad ng mga pinunong iyon ng Iglesya Adventista.” Ngunit hindi iyon ang tunay na punto, gaya ng ipinapakita nina Wieland at Short sa aklat na ito. Hindi natin inilalahad ang mga bagay na ito upang ituro ang mga kasalanan ng iba, sapagkat tayong lahat ay nagmula sa iisang pinagmulan at pare-pareho ang ating likas na kalagayan. Kapag nakikita natin sa ibang tao ang mga katangiang nakapagdudulot ng

pagkasuklam o pagtutol sa atin, sa katunayan ay nakikita lamang natin ang ating sarili kung wala ang biyaya ng Diyos. Kung makikita natin ang mga bagay na iyon sa iba at mauunawaan natin na, maaari rin akong magkaroon ng ganoong suliranin, doon natin tunay na nararanasan ang biyaya ng Diyos. Dahil nauunawaan natin na maaari rin nating gawin ang parehong mga bagay kung hindi binubuksan ng Espiritu ng Diyos ang ating mga mata upang makita kung bakit mali at mapanganib ang mga ito.

Kung babasahin ninyo ang mga materyales tungkol sa pag-aaral ng 1888, makikita ninyo ang matinding paghihirap at pasaning pinagdaanan ni Ellen White. Ang mga mensaheng ito ay ipinapahayag nina Waggoner at Jones noong panahong iyon, ngunit sila ay kinukutya at hinahamak. Ang kasaysayan ng mga pangyayaring naganap sa nakalipas na mahigit 100 taon, lalo na kung paano ito ipinakita ng Iglesia Adventista, ay hindi lubos na naipahayag nang tama at naging may pagkiling. Nagkaroon ng mga maling paglalarawan at mga panlilinlang na naganap. Nang pumasok si Robert Wieland sa seminaryo noong huling bahagi ng dekada 1920 at unang bahagi ng dekada 1930, ang mga mensaheng ito ay halos nawala na sa kaisipan at pag-unawa ng mga Adventista noong panahong iyon.

Si Robert Wieland, habang nasa Tacoma Park, Washington, at nag-aaral ng teolohiya, ay nakikinig sa isang lektor na taga-Australia na nagngangalang Simmons. Sinabi ng taong ito sa kanya, “Walang sinuman sa denominasyong Adventista ngayon ang nangangaral ng katuwiran sa pamamagitan ng pananampalataya.” Siyempre, labis na nagulat si Robert Wieland nang marinig niya ito; ito ay nangyari noong unang bahagi ng dekada 1930. Tinanong niya ang lektor, “Kung gayon, saan ko mababasa ang tungkol dito?” Sumagot ito, “Pumunta ka at hanapin mo sa mga arkibo ang isang maliit na aklat na tinatawag na *The Gospel in Galatians*, o *The Glad Tidings* ni E. J. Waggoner. Doon mo matatagpuan ang ebanghelyo.”

Paano nalaman ng taong ito ang bagay na ito? Isa itong misteryo na nais kong magkaroon ng sagot. Dahil dito, nagsimula si Wieland sa isang paglalakbay upang pag-aralan ang mga materyal na ito. Nang pumunta siya sa White Estate upang humingi ng mga materyal tungkol sa mensahe ng 1888, sinabi ng taong nasa tanggapan, “Ah, iyan ay isang kontrobersiyal na paksa. Hindi, hindi talaga ako interesado na tulungan ka tungkol diyan.” Nakatayo lamang si Wieland doon at nanalangin. Kalaunan, sinabi rin ng taong iyon, “Buweno, maaari kang pumasok at tumingin sa ilan sa mga materyal.” Nang pumasok si Wieland, sinimulan niyang kopyahin ang ilan sa mga pahayag ni Ellen White tungkol sa pagtanggig sa mensahe ng 1888 na si Kristo ay muling ipinako sa krus sa pamamagitan ng pagtanggig ng mga pinuno sa mensaheng iyon, at na ang mga pinuno, sa pangkalahatan, ay hindi naiparating sa mga tao ang kagandahan ng mensaheng ito. Labis siyang nagulat sa kanyang natuklasan. Sa pagtatapos ng araw, nang malapit nang magsara ang tanggapan, pumunta siya sa mesa at nagtanong, “Maaari ko bang iuwi ang mga ito?” Sumagot ang lalaki, “Hindi maaari. Maaari kang bumalik bukas at muli mong tingnan ang mga ito.” Nang bumalik si Wieland kinabukasan, sinabi naman ng lalaki, “Hindi, hindi ko ito ibibigay sa iyo.” Muling lumitaw ang pagtutol.

Ngunit salamat sa Diyos, nagpatuloy sina Wieland at Short at hindi sila sumuko. At dahil sa paggawa ng Diyos sa pamamagitan ng dalawang lalaking ito, tulad ng Kanyang paggawa noon sa pamamagitan nina Jones at Waggoner, Kanyang ginamit at itinaas ang dalawang lalaking ito noong mga dekada 1950, 1960, 1970, at 1980 upang manawagan sa Iglesia Adventista na bumalik sa mensahe ng 1888 at maunawaan kung ano talaga ang itinuturo ng mensaheng iyon.

Ngayon, ipinapahayag ng Iglesia Adventista na tinanggap na nito ang mensahe ng 1888. Ang suliranin dito ay sinabi ni Ellen White noong Nobyembre 1892 na ang Malakas na Panawagan o Loud Cry ay

nagsimula na, at ang Huling Ulan o Latter Rain ay nagsimula nang bumuhos. Kung iyon ay totoo, at kung ang Huling Ulan ay patuloy na bumuhos, kung gayon ay darating na sana si Kristo; marahil sa pagsapit ng bagong siglo, bandang taong 1900, o maaaring mas maaga pa. Ang katotohanang narito pa rin tayo hanggang ngayon ay nagpapahiwatig na may isang bagay na nagkamali, na may isang pangyayaring hindi naging ayon sa nararapat.

Habang pinag-aaralan ko muli ang aklat na *1888 Re-examined* sa pagkakataong ito, naniniwala akong ginagabayan ng Panginoon ang aking isipan; maraming bahagi ang nagsimulang magkaugnay at bumuo ng isang malinaw na larawan tungkol sa trahedyang naganap at sa paghihimagsik na naganap din. Maaaring sabihin ng ilan sa atin, “Wala naman akong kinalaman sa Iglesia Adventista, kaya wala rin akong kinalaman sa paghihimagsik na iyon.” Ngunit maaari rin nating sabihin, “Hindi ko naman ipinako sa krus si Kristo. Wala ako roon kasama ng mga Judio o ng mga Romano. Hindi ko ginawa iyon.” Gayunman, sinasabi sa atin sa pamamagitan ng Espiritu ng Propesiya **na ang pananagutan sa pagkakasala sa pagpatay sa Anak ng Diyos ay nakasalalay sa lahat.**

Ang panalangin ni Kristo para sa Kanyang mga kaaway ay sumaklaw sa buong sanlibutan. Kabilang dito ang bawat makasalanang nabuhay o mabubuhay pa, mula sa pasimula ng mundo hanggang sa wakas ng panahon. **Ang pananagutan sa pagkakasala sa pagpapako sa krus sa Anak ng Diyos ay nasa lahat.** Ngunit sa lahat ay malayang iniaalok ang kapatawaran. “Ang sinumang nagnanais” ay maaaring magkaroon ng kapayapaan sa Diyos at magmana ng buhay na walang hanggan. (*The Desire of Ages*, p. 745.1)

Kaya kung nauunawaan mo ang likas na katangian ng tao sa antas ng lipunan at mga samahan, hindi mo maaaring ihiwalay ang iyong sarili rito. Sapagkat ang ginawa ng mga taong iyon noong 1888 at sa mga

sumunod pang mga taon ay sumasalamin sa likas na pag-uugali ng tao at sa pagkapoot na umiiral laban kay Hesukristo.

May isang kabanata sa aklat na *1888 Re-examined* na tumatalakay tungkol sa huwad na katuwiran sa pamamagitan ng pananampalataya. Kung ang mensahe ng katuwiran sa pamamagitan ng pananampalataya ay tinatanggihan, likas lamang na pahihintulutan si Satanas na magpasok ng isang huwad na kapalit. Ipinaliwanag nina Wieland at Short ang paglitaw ng isang bagong pananaw tungkol sa katuwiran sa pamamagitan ng pananampalataya. Ang pananaw na ito ay nakabatay sa tinatawag na penal substitution. Ito ay pananampalatayang mula sa tao, hindi ang pananampalataya ni Hesus, kundi pananampalataya kay Hesus, ang simpleng paniniwala sa Kanyang dugong ibinuhos sa krus, na dahil dito ay napawi ang galit ng Diyos at hindi na ako mapapahamak. Ang turong ito ay nagmula sa mga Protestante at sa Protestantismo. Bahagi ito ng alak na nagmumula sa sistemang iyon. Mula noon ay ito na rin ang ipinangangaral ng Adventismo.

Sa unang pagkakataon, tunay kong nagsimulang magkaroon ng malinaw na pagkaunawa sa kung ano talaga ang naganap. Labis akong nalungkot sa lahat ng nangyari at sa katotohanang patuloy pa ring nagdurusa si Kristo. Naalala ko ang tula ni Robert Wieland na nilapatan ng himig ni Pastor Ben Kramlich, "Panginoon, nalulungkot ako para sa Iyo ngayong gabi. Mayroon ba akong magagawa upang makatulong?" Hindi sana tayo dapat humantong sa ganitong kalagayan. Tayo ngayon ay nasa isang lubhang mapanganib at napakaselang sitwasyon. Tatalakayin ko pa nang mas malalim ang mga bagay na ito sa mga darating na linggo at buwan, sapagkat lalo pang luminaw at tumibay ang pagkaunawa ko tungkol sa mga ito.

Ngayong gabi, nais ko lamang ibahagi sa inyo ang aking mga saloobin at kasalukuyang reaksiyon sa aklat na [*1888 Re-examined*], kasama ng *The Knocking at the Door*. Ang dalawang aklat na ito ay sunod kong

pinag-aralan habang inihahanda ko ang kanilang audio, at habang paulit-ulit kong pinakikinggan ang nilalaman ng mga ito at ipinapanalangin ang kanilang mensahe. Habang pinakikinggan ko ang mga materyal na ito, nakadama ako ng matinding kalungkutan. Batay sa ating pagkaunawa, lalo kong nakita kung gaano kaselan at kapanganib ang kalagayang ating kinabibilangan.

Nais kong basahin sa inyo ang isang pahayag mula sa Espiritu ng Propesiya. Matatagpuan ito sa aklat na *Faith and Works*, sa kabanatang pinamagatang "The Laodicean Message." Sa palagay ko ay pamilyar tayong lahat sa mensahe sa Laodicea: Sinasabi mo, Ako ay mayaman, sagana sa mga kayamanan, at wala nang kailangan pa. Ngunit hindi mo nalalaman na ikaw ay aba, kahabag-habag, dukha, bulag, at hubad." (Pahayag 3:16-19) Binanggit ni Ellen White ang Pahayag 3:15-16, at pagkatapos ay sinabi niya ang mga sumusunod,

Dito ay inilalarawan ang isang pangkat ng mga taong ipinagmamalaki ang kanilang taglay na espirituwal na kaalaman at mga pribilehiyo. Ngunit hindi sila tumugon nang nararapat sa mga pagpapalang walang bayad na ipinagkaloob sa kanila ng Diyos. Sa halip, sila ay napuno ng paghihimagsik, kawalan ng pasasalamat, at paglimot sa Diyos. Gayunman, patuloy pa rin Niya silang pinakitunguhan tulad ng isang mapagmahal at mapagpatawad na ama na nagmamalasakit sa isang anak na walang utang na loob at naligaw ng landas. Tinanggihan nila ang Kanyang biyaya, inabuso ang Kanyang mga pribilehiyo, binalewala ang mga pagkakataong ipinagkaloob Niya sa kanila, at nasiyahan na lamang silang manatili sa kalagayang puno ng maling kapanatagan, matinding kawalan ng pasasalamat, hungkag na pormalidad sa relihiyon, at mapagkunwaring kawalan ng katapatan. [Mabigat ang pananalitang ito, ngunit totoo.] Dahil sa mapagmataas na espiritu ng mga Pariseo, labis nilang itinanyag ang kanilang sarili hanggang sa masabi tungkol

sa kanila, "Sinasabi mo, 'Ako ay mayaman, sagana sa mga kayamanan, at wala nang kailangan pa" (Verse 17). (*Faith and Works*, p. 83.1)

Kaya't ang tinutukoy niya rito ay ang Adventist movement. Sinabi niya na sila ay "tumanggi sa Kanyang biyaya, inabuso ang Kanyang mga pribilehiyo," at namuhay sa paghihimagsik. "Sila ay napuno ng paghihimagsik, kawalan ng pasasalamat, at paglimot sa Diyos." Iyan ang naging tugon nila. At tayong mga naglalakbay sa landas ng pagsisikap na maibalik ang tunay na itinuro noong 1888 at maipagpatuloy ang pagtatayo sa saligang iyon ay nahaharap din sa katulad na panganib. Sapagkat ang mga unang Adventist, sa pagtatatag ng matatag at hindi matitinag na saligan ng katotohanan, ay malinaw na naipaliwanag at naituro ang mahahalagang doktrina, ang kalagayan ng mga patay, ang ikalawang pagparito ni Kristo, ang katotohanang hindi likas na walang kamatayan ang kaluluwa, ang mapanuring paghuhukom, ang propesiya ng 2,300 araw, ang Espiritu ng Propesiya, at ang iba pang mga katotohanang kanilang itinatag. Ang mga katotohanang ito, na buong galak nilang tinanggap at matapat na itinuro, ay dapat sana'y nagbunga ng higit na lalim ng pagsisisi at higit na pagpapakumbaba. Bilang mga taong pinagkalooban ng napakalaking pribilehiyong makatanggap ng mga katotohanang ito, nararapat sana silang magpatuloy at tanggapin ang mensahe ng 1888. Ngunit sa halip, napuno sila ng kawalan ng pasasalamat at itinuring na lamang na pangkaraniwan ang mga katotohanang kanilang natutuhan.

Ito ang panganib na kinakaharap natin. Nakikita ko ito sa maraming pagkakataon. Dahil sa pagtanggap na maaari nating maranasan mula sa iglesia o sa mga iglesia, madali tayong matuksong isipin: "Alam naman natin ang likas na karakter ng Diyos; Alam natin kung ano ang tunay na katarungan ng Diyos; Alam natin na mali ang aral ng kapalit na pagpaparusa; Alam natin kung ano ang tatak ng Diyos; Alam natin

kung ano talaga ang mensahe ng tatlong anghel." Kapag ang ating pansin ay nakatuon na lamang sa mga bagay na ito, napakadali nating mahulog sa kalagayan ng Laodicea, na iniisip nating tayo ay mayaman na sa espirituwal dahil sa mensahe tungkol sa Father of Love. Samantalang ang tunay na bunga ng mensahe tungkol sa Mapagmahal na Ama ay dapat magbunga ng higit na malalim na pagsisisi, higit na matinding kalungkutan para sa Ama at sa Anak dahil sa lahat ng kanilang tiniis alang-alang sa atin, at higit na matinding pananabik na matupad ang kaharian ng Diyos, "Dumating nawa ang Iyong kaharian. Mangyari ang Iyong kalooban dito sa lupa, gaya ng sa langit." Ito ang panganib na malinaw kong nakikita.

Madali itong mangyari, lalo na sa ating mga patuloy pang dumadalo sa iba't ibang mga iglesya. Napakadaling makita ang mga kamalian sa kanilang mga pinaniniwalaan at madismaya sa kanilang ipinangangaral at itinuturo. Ngunit ang palagiang pagkalantad sa ganitong mga maling aral ay maaaring magbunga ng pag-iisip na tayo ay "mayaman na at sagana sa lahat ng kailangan" dahil sa mga kaalaman at pagkaunawang tinanggap natin. Lalo na kapag tayo ay tinutuligsa o kinukutya dahil sa ating mga pinaniniwalaan; gaya ng pagdiriwang ng mga kapistahan, ng ating pagkaunawa sa likas na karakter ng Diyos, at ng iba pang mga katotohanan, sapagkat lubos na naiiba ang ating pagkaunawa sa ebanghelyo. Kung ang ating pansin ay patuloy na nakatuon sa mga maling paniniwala ng iba, nanganganib tayong isipin na tayo ay naging mayaman na sa espirituwal dahil sa mensahe tungkol sa Father of Love. Sa halip na lalo pang lumalim ang ating pagsisisi at lalo pang maging taimtim ang ating pagsusumamo sa ating Ama na maipahayag ang mensaheng ito sa marami, maaari tayong madaling masiyahan sa ating sarili at maging kampante sa ating espirituwal na kalagayan. Iyan ang bagay na ikinababahala ko, para sa aking sarili at para sa ating lahat.

Sa totoo lang, dahil sa tungkuling aking ginagampanan, nagkaroon

ako ng pagkakataong mabisita ang marami sa inyo. Nakapaglakbay na ako sa maraming bansa, nakikipag-ugnayan ako sa maraming tao sa iba't ibang panig ng mundo, at pamilyar ako sa kalagayan ng marami sa mga pangkat na inyong kinabibilangan at sa maraming pangyayaring naganap sa kanila. Kapag iniisip ko ang aking pagkaunawa kung sino si Hesus, at tinitingnan ko ang ating kalagayan bilang isang pangkat, nanginginig ako sa pangamba. Napakarami nating suliranin at napakaraming bagay na pinagbubuno ng mga tao. Habang pinag-aaralan ko ang mga nangyari noong 1888, ang pagtutol na ipinakita ng pangunahing mga pinuno ng iglesia, ang paraan ng kanilang pagkilos, ang palihim at di-tapat na paraan ng kanilang ginawa, nakikita ko na kung walang magbabago sa malapit na hinaharap, gagawin din natin ang mismong ginawa nila noon. Iisipin nating tayo ay naging mayaman na sa espirituwal dahil sa mensahe tungkol sa Father of Love. Darating tayo sa ganap na kalagayan ng Laodicea, at maliligaw tayo sa landas at mawawala sa tamang daan.

Hindi ko sinasabi ang mga bagay na ito upang humatol o magbigay ng paghatol sa sinuman. Sinasabi ko ito sapagkat nakikita ko rin sa aking sarili ang mga bagay na kailangan pang mabago. Nais kong magkaroon ng sapat na pagkabahala sa aking sariling pagiging makasalanan, isang pagkabahalang magtutulak sa akin tungo sa higit na taos-pusong pagsisisi at pananalangin. Hindi sa pamamagitan ng pagpapahirap sa aking sarili, ni ng patuloy na paninisi sa aking sarili at pagdadalamhati sa aking kalagayan, kundi sa pamamagitan ng matatag na pagtitiwala sa aking Ama na ipagkakaloob Niya sa akin ang Kanyang Espiritu, lilinisin Niya ako sa pamamagitan ng dugo ni Kristo at ng Kanyang Espiritu, at ibibigay Niya ang mga bagay na aking hinahanap. Ngunit kinakailangan nating hanapin ang mga ito nang buong puso. Kaya't nabuo sa akin ang malalim na pagkaunawa na, bilang isang kilusan, tayo ay nasa malaking panganib.

Nais kong basahin sa inyo ang isang sipi. Isa ito sa mga bagay na hindi ko lubos maunawaan. Ang anak ni Ellen White na si Willie White ay

nanindigan kasama ng kanyang ina. Naroon siya sa kumperensya noong 1888. Alam na alam niya ang mga pangyayaring naganap at ang pagtangga sa mensaheng ipinahayag noon. Gayunman, kapansin-pansin at talagang nakapupukaw ng aking pansin na makalipas ang apatnapung taon mula noong 1888, noong 1928, ay nagsimulang ipahayag ni Taylor Bunch ang mga katuruang ito sa pamamagitan ng aklat na *Exodus in Type and Anti-Type*. Matatagpuan ito sa pahina 198 ng aklat nina Wieland at Short na (1888 *Re-examined*) sa PDF ng aklat (iba ang bilang ng pahina sa nakalimbag na edisyon). Nasa Apendise C, na may pamagat na "One Source of the Acceptance Myth." Ganito ang isinulat ni Wieland.

"Makalipas ang apatnapung taon mula sa pagpupulong sa Minneapolis," na tumutukoy sa humigit-kumulang taong 1928, hayagang inihalintulad ni Taylor G. Bunch, habang nagtuturo sa Pacific Union College, ang kasaysayan ng ating kilusan noong 1888 sa karanasan ng Israel sa Kadesh-Barnea, kung saan tinanggihan nila ang ulat nina Caleb at Josue. [Tumutukoy ito sa aklat na *Exodus in Type and Anti-Type* na isinulat ni Taylor Bunch.] Ngunit si W. C. White, na anak ni Ellen White, ay tumutol kay Bunch at tiniyak sa kanya na walang naganap na gayong pagtangga sa mensahe noong 1888.

Lubos akong naguguluhan kung bakit nagawa ito ni Willie White? Kamakailan lamang ay binasa naming mag-asawa ang mga talambuhay ni Ellen White na tumatalakay sa mensahe ng 1888. Maging si Arthur White, na anak ni Willie White, ay ganoon din ang sinabi na hindi raw natin tinanggihan ang mensahe. Naitanong ko sa aking sarili, paano nasabi ni Willie White ang ganoon, gayong siya mismo ay nasa tabi ng kanyang ina at nagkaroon ng maraming pag-uusap kasama niya tungkol sa mga pangyayaring iyon? Sa totoo lang, nakatatokot isipin ang bagay na ito, talagang nakapanghihilakbot. Nagpatuloy si Wieland sa kanyang isinulat,

Naroon siya sa kumperensyang iyon, at alam niya ang mga nangyari. Kaya't likas lamang na naipasa rin niya sa kanyang anak na si Arthur L. White ang pananaw na nagsasabing tinanggap ang mensahe. Si Arthur L. White ay naglingkod nang maraming taon bilang kalihim ng Ellen G. White Estate, at sa ilalim ng kanyang pangangasiwa at pagsang-ayon ay nailathala, mula noong 1950, ang humigit-kumulang isang libo at limang daang pahina ng mga aklat na tumatalakay sa mga pangyayari noong 1888.

Kapwa ang anak at apo ni Ellen White ay nararapat na tumanggap ng mataas na paggalang sa loob ng Iglesyang Seventh-day Adventist. Buong katapatan nilang sinikap na turuan ang ilang salinlahi ng ating mga kapatid na maniwalang hindi tinanggihan ang mensahe noong 1888. Ipinagkakaloob natin sa kanilang dalawa ang pinakamataas na paggalang na nararapat sa natatangi nilang naging bahagi sa ating kasaysayan. Gayunman, kailangan din nating kilalanin na ang ministeryo ni Ellen White ay higit na natatangi. Siya ay isang kinasihang sugo ng Panginoon, at ang kanyang ministeryo ay pagpapahayag ng patotoo ni Hesus, na siyang Espiritu ng Propesiya.

Kung nabasa na ninyo ang ilan sa mga pahayag ni Ellen White, alam ninyo na sinabi niya na si Kristo ay muling ipinako sa krus noong 1888, na nilapastangan ang Banal na Espiritu, at na ang pagtangga sa mga sugo ni Kristo ay katumbas ng pagtangga kay Kristo mismo. Marami siyang pahayag na malinaw na nagpapatunay nito. At ang mga bagay na natutuklasan natin ngayon ay lalo pang nagbibigay ng katibayan na ang mensahe noong 1888 ay tunay na tinanggihan. Tinanggihan ang pagkaunawa tungkol sa mga tipan. Tinanggihan din ang konsepto ng kapalit na pagpaparusa. Alam na natin ngayon ang mga bagay na ito. Maliwanag na ang mga ito sa atin na masusing nagsaliksik at nag-aral ng paksa. Kaya't ang sabihing tinanggap ang mensahe ay lubos na salungat sa mga katibayang ating nakikita. Gayunman, ayaw kong sabihin ito nang may labis na damdamin,

sapagkat madaling matangay ng matinding emosyon sa ganitong usapin.

Ngayon, kapansin-pansin ito, sapagkat nagpatuloy si Wieland sa kanyang isinulat sa Apendise C at sinabi ang mga sumusunod,

Isang palatandaan kung paano nagkaroon ng opisyal na pagtanggap ang pananaw na nagsasabing tinanggap ang mensahe ay makikita sa isang pahayag ni W. C. White sa isang sermon na kanyang ipinangaral sa Lincoln, Nebraska, noong Nobyembre 25, 1905. Inilarawan niya ang isang pangyayaring naganap sa Avondale, Australia [ang Avondale ay nasa Cooranbong, malapit sa Newcastle], mga sampung taon bago iyon, nang bumisita roon si W. W. Prescott. Dumating noon ang koreo mula sa Amerika, at magkasama nilang binabasa ni Prescott kay Ellen White ang mga liham mula sa mga pangunahing pinuno ng General Conference sa Battle Creek. Isinasalaysay sa mga liham ang diumano'y malaking pagsulong ng gawain sa Amerika at ang kahanga-hangang mga espirituwal na tagumpay na umano'y nakamit kaugnay ng mga isyung may kinalaman sa mensahe noong 1888. Ganito inalala ni W. C. White ang pangyayaring iyon:

Ngayon, si Willie White ang nagsasalita.

